# *Ang Pagkatakot sa Diyos Yugto 7. Ang higit pang Pagkatakot sa Diyos*

***‘‘12 At ngayon, Israel, ano ang hinihingi sa iyo ng Panginoon mong Dios, kundi matakot ka sa Panginoon mong Dios, lumakad ka sa lahat ng kaniyang mga daan, at ibigin mo siya, at paglingkuran mo ang Panginoon mong Dios, ng buong puso mo at ng buong kaluluwa mo.’’ (Deuteronomio 10:12 KJV)***

***‘‘Kaya't pagkatanggap ng isang kahariang hindi magagalaw, ay magkaroon tayo ng biyayang sa pamamagitan nito ay makapaghahandog tayong may paggalang at katakutan ng paglilingkod na nakalulugod sa Dios:’’ (Hebreo 12:28)*** Si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan at sa ganoon tinanggap natin ang walang hanggang buhay at maging bahagi ng Kaharian ng Dios. Kaya’t tayo’y magpasalamat sa Dios, maglingkod sa Kanya at matakot sa Kanya.

***‘‘17 Igalang ninyo ang lahat ng mga tao. Ibigin ninyo ang pagkakapatiran. Mangatakot kayo sa Dios. Igalang ninyo ang hari.’’ (1 Pedro 2:17)*** Ang mga tao ay maaring parangalan at respetuhin, Ang mga kapatiran ay dapat mahalin, ang mga hari at nasa pamahalaang may kapangyarihan ay dapat parangalan at magpasakop, ngunit sa Dios ay matakot.

***‘‘1 Anak ko, kung iyong tatanggapin ang aking mga salita, at tataglayin mo ang aking mga utos; 2 Na anopa't iyong ikikiling ang iyong pakinig sa karunungan, at ihihilig mo ang iyong puso sa pagunawa; 3 Oo, kung ikaw ay dadaing ng pagbubulay, at itataas mo ang iyong tinig sa pagunawa; 4 Kung iyong hahanapin siya na parang pilak, at sasaliksikin mo siyang parang kayamanang natatago. 5 Kung magkagayo'y iyong mauunawa ang pagkatakot sa Panginoon, at masusumpungan mo ang kaalaman ng Dios.’’ (Mga Kawikaan 2:1-5)*** * Ang pagtanggap sa Salita ng Dios, pag-iingat sa mga ito at sa pagsasagawa sa mga ito sa iyong buhay ay magkakaloob ng karunungan at mauunawaan mong isalapat sa iyong sarili upang mabuhay nang may takot sa Panginoon. * Kailangan nating turuan ang ating mga anak at sanayin sila sa pagkatakot sa Dios.

Ang propetang si Jonas ay tumakas mula sa presensya ng Dios nang inutusan siya na pumunta sa Nineve, sa gayon ipinadala ng Dios ang malakas na hangin na iyon kahit na ang barko ay halos masira na. Nang ang mga mandaragat ay nangasisapalaran upang makita kung sino ang salarin ng kasamaan ay nahulog kay Jonas; nang tinanong nila siya upang malaman kung paano iyong nangyari? ***‘‘9At kaniyang sinabi sa kanila, Ako'y isang Hebreo; at <u>Ako'y natatakot sa PANGINOON</u>, sa Dios ng langit, na siyang gumawa ng dagat at ng tuyong lupain. 10 Nang magkagayo'y nangatakot na mainam ang mga tao, at sinabi sa kaniya, Ano itong iyong ginawa? Sapagka't talastas ng mga tao na siya'y tumatakas mula sa harapan ng Panginoon, sapagka't isinaysay niya sa kanila. 16 Nang magkagayo'y nangatakot na mainam ang mga tao sa Panginoon; at sila'y nangaghandog ng isang hain sa Panginoon, at nagsipanata.’’ (Jonas 1:9-10, 16)*** Ang kasamaan na ipinahintulot ng Dios ay isang uri ng disiplina at isang paalala kay Jonas na kailangang matakot sa Dios. Sinabi ni Jonas, ***Ako'y natatakot sa PANGINOON”***, ngunit siya’y hindi natatakot sa Dios sa kung anong kanyang ginawa at sa kanyang idinulot na mangyari. Marami ang nagsasabi na sila’y natatakot sa Dios, ngunit sa katotohanan sila’y hindi natatakot sa Dios kaya naman ipinahihintulot ng Dios ang maraming mga nakakatakot na mga pagsubok na mangyari sa Kanyang bayan. Kaya naman, kalaunanan ang mga mandaragat ay kinailangang itapon si Jonas sa dagat; walang ibang paraan, at sa gayon pagkatapos ang dagat ay tumahimik, Nang iyon ay nangyari, ***“16 Nang magkagayo'y nangatakot na mainam ang mga tao sa Panginoon; at sila'y nangaghandog ng isang hain sa Panginoon, at nagsipanata.” (Jonas 1:16 KJV)*** Ang Kahatulan ng Dios kay Jonas ay aral din sa iba sa barko, na kailangang matakot sa Dios. Ang mahirap na pagsubok at ang paghatol ng Dios sa iyo ang layunin nito ay upang turuan kang matakot sa Dios.

Si David nang siya ay nagkasala sa Dios sa pagbibilang ng mga tao at nang pinarusahan siya at sa ng Panginooon at nagkasalot sa mga Israelita, si David ay takot na takot mula sa Dios at kaya naman siya ay natatakot na pumunta at magtanong sa Panginoon at sa Kanyang damban sa Gibeon ***‘‘28 Nang panahong yaon, nang makita ni David na sinagot siya ng Panginoon sa giikan ni Ornan na Jebuseo, siya nga'y naghain doon. 29 Sapagka't ang tabernakulo ng Panginoon na ginawa ni Moises sa ilang at ang dambana ng handog na susunugin, ay nasa mataas na dako nang panahong yaon sa Gabaon. 30 Nguni't si David ay hindi makaparoon sa harap niyaon upang magusisa sa Dios: sapagka't siya'y natakot dahil sa tabak ng anghel ng Panginoon.” (1 Cronica 21:28-30)*** Ang malaking paghatol ng Dios sa mga nagkasala ay pagpipigil sa kanila at ipagkaloob ang takot ng Dios sa mga taong nakakaligtaan ang daan.

Halos palagi, ang disiplina at kahatulan ng Dios ay nagdadala ng takot sa Dios sa buhay ng mga tao. Ang mabuting halimbawa sa nangyari sa simbahan pagkatapos ng pagkamatay ni Ananias at Safira,***“1 Datapuwa't isang lalake na tinatawag na Ananias, na kasama ng kaniyang asawang si Safira, ay nagbili ng isang pag-aari. 2 At inilingid ang isang bahagi ng halaga, na nalalaman din ito ng kaniyang asawa, at dinala ang isang bahagi, at inilagay sa mga paanan ng mga apostol. 4 Datapuwa't sinabi ni Pedro, Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Espiritu Santo, at upang maglingid ng isang bahagi ng halaga ng lupa?4 Nang yao'y nananatili pa, hindi baga yao'y nanatiling iyong sarili? at nang maipagbili na,***

***hindi baga nasa iyo ring kapangyarihan? Ano't inisip mo pa ang bagay na ito sa iyong puso? hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Dios. 5 At nang marinig ni Ananias ang mga salitang ito ay nahandusay at nalagot ang hininga: at sinidlan ng malaking takot ang lahat ng nangakarinig nito. 6 At nagsitindig ang mga kabinataan at siya'y binalot, at kanilang dinala siya sa labas at inilibing. 7 At may tatlong oras ang nakaraan, nang ang kaniyang asawa, na di nalalaman ang nangyari, ay pumasok. 8 At sinabi sa kaniya ni Pedro, Sabihin mo sa akin kung ipinagbili ninyo ng gayon ang lupa. At sinabi niya, Oo, sa gayon. 9 Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Pedro, Bakit kayo'y nagkasundo upang tuksuhin ang Espiritu ng Panginoon? narito, nangasa pintuan ang mga paa ng mga nagsipaglibing sa iyong asawa, at kanilang dadalhin ka sa labas. 10 At pagdaka'y nahandusay sa paanan niya ang babae, at nalagot ang hininga: at nagsipasok ang mga kabinataan at nasumpungan siyang patay, at siya'y kanilang inilabas at inilibing siya sa siping ng kaniyang asawa. 11 At sinidlan ng malaking takot ang buong iglesia, at ang lahat ng nangakarinig ng mga bagay na ito." (Mga Gawa 5:1-11)*** Ang buong simbahan ay nabalutan ng takot sa kung anong dinala ng Dios na kapahamakan sa mga nagkasala sa Kanya, Ipapahintulot ng Dios ang mga sakuna sa tiyak na panahon sa buhay ng Kanyang bayan sa gayo'y sila'y matakot sa Kanya at magpakabuti sa daan na kanilang nilalakaran kasama Niya.

Sinabi ng Dios ang tungkol sa mga Israelita na naligaw mula sa Kanya, ***"5 Pagkatapos ay manunumbalik ang mga anak ni Israel, at hahanapin ang PANGINOON nilang Dios, at si David na kanilang hari, at magsisiparitong may takot sa PANGINOON at sa kaniyang kabutihan sa mga huling araw." (Hosea 3:5)*** * Ang mga Israelita na malayo mula sa Dios, na nagdala ng kahatulan sa kanila, at ang kahatulan ay ang nagdulot ng pagdurusa, at ang pagdurusa ng pagpapakumbaba at ang pagpapakumbaba sa pagsisisi, na nagpanumbalik sa kanila at nagawa silang bumalik sa Kanya at atakot sa Kanya na gumagawa ng kabutihan sa kanila. * Palaging manumbalik sa Dios dahil sa pagsubok o disiplina na ipinahintulot ng Dios ay may kaakibat na takot sa Panginoon.

Si Jose sa Egipto ay hinarap ang kanyang mga kapatid na nagbenta sa kanya sa ganoong basehan. Hinuli sila ni Jose bilang mga espiya at sa gayon ay pinakawalan sila, sa pagpapanatili nang isa sa kanila sa kulungan at hiniling niya sa kanila na hindi nila siya makikita hanggang hindi nila dinadala ang kanilang nakababatang kapatid. Sinabi ni Jose sa kanyang mga kapatid ang sumusunod: ***"18 At sinabi ni Jose sa kanila sa ikatlong araw, Gawin ninyo ito at mangabuhay kayo; sapagka't natatakot ako sa Dios:" (Genesis 42:18)*** Ang pagkatakot sa Dios ang dahilan na nagtulak kay Jose upang disiplinahin ang kanyang mga kapatid at pilipitin sila sa ganoong paraan. Ang kalagayan an inilagay ni Jose sa kanyang mga kapatid ay mahirap ngunit iyon ang disiplina ng Dios sa kanila na iatang sa kanila ang pagkatakot sa Dios na hahantong sa kanila sa pagsisisi. Kapag binasa mo ang ***Genesis 42-46*** sa iyong Biblia mauunawaan mo ang buong salaysay. Ayon sa kalagayan na inilagay niya sa kanila, si Simeon ay inilagay sa kulungan hanggang ang kanyang mga kapatid ay bumalik na daladala nilang kasama si Benjamin. Bukod dito, nang si Jose ay natakot sa Dios at sumangayon na sundin Siya sa pagdidisiplina sa kanyang mga kapatid, dinisiplina din ng Dios si Jacob at kanyang paghatol sa kanyang kasalanan ng pagtatangi sa paglingap kay Benjamin sa lahat ng kanyang mga anak. Noong una ay tumanggi si Jacob na ipadala si Benjamin sa kanila pabalik sa Egipto upang bumili ng palay, dahil siya'y anak ni Rachel. Sa kanyang paglingap para kay Rachel ay nakagawa siya ng pagtatangi para kay Benjamin kaysa iba pa niyang mga anak hanggang sa malagay sa panganib ang buhay ng iba pa niyang pamilya dahil sa kakulangan ng pagkain dahil sa taggutom, para lamang mapanatili si Benjamin na ligtas malapit sa kanya. Si Jose sa paggawa ng mga hakbang na iyon upang disiplinahin ang kanyang mga kapatid, tiyak, ay hindi masaya at komportable na gawin iyon ngunit dahil natatakot siya sa Diyos ay sinunod niya Siya at handang gawin ito kahit na ito ay masakit sa kanyang puso. Sa wakas ang kanyang ama ay handang ipadala si Benjamin sa kanila, at ang kanyang mga kapatid ay nagsisi nang kanilang dinala si Benjamin kasama nila. Ang kanilang pagsisisi ay nasubok sapagkat handa nilang kunin ang kanilang responsibilidad at ang pananagutan upang dalhin pabalik si Bejamin ligtas kay Jacob na kanilang ama. Kaya papuri sa Dios na ang mga kapatid ni Jose at ang kanyang amang si Jacob ay nagsisi sa parehong itinakda at pagsubok na ipinahintulot ng Dios na dumaan sa kanilang buhay.

Ang masama ay hindi natatakot sa Dios at sila'y nagpapatuloy na magkasala, ***"18 Walang pagkatakot sa Dios sa harap ng kanilang mga mata." (Roma 3:18)*** Sa mga natatakot sa Dios ay tutugon sa disiplina at sa kaparusahan ng Dios na dadalhin sila upang pagsisisi, at sila'y magiging matapang na sawayin ang mga hindi natatakot sa Dios. Ang nagsising magnanakaw na kasama ni Jesus na nakapako sa krus ay sinaway ang ibang nakapakong magnanakaw na nagsisi, ***"40 Datapuwa't sumagot ang isa, at pagsaway sa kaniya'y sinabi, Hindi ka pa baga natatakot sa Dios, yamang ikaw ay nasa gayon ding kaparusahan?" (Lucas 23:40)***

Gayundin, ang layunin ng mga himala ng Dios ay upang ipagkaloob ang pagkatakot sa Dios sa buhay ng Kanyang bayan. Nang pinagaling ni Jesus ang paralitikong lalaki na dinala sa Kanya sa higaan, ang mga taong nakasaksi sila'y natakot sa Dios, ***"26 At nagsipanggilalas ang lahat at niluwalhati nila ang Dios; at nangapuspos sila ng takot, na nangagsasabi, Nakakita kami ngayon ng mga bagay na katakataka." (Lucas 5:26)*** * Kapag ang Dios ay gumawa ng himala sa iyong buhay ang layunin Niya para sa ganoon na ikaw ay matakot sa Kanya at simulang lumakad sa Kanyang mga landas, at huwag magmalaki. * Huwag isipin na

ginawa ng Dios ang ganoong himala sa iyong buhay dahil ikaw ay mabuti o ikaw ay natatangi Hindi, ito lamang ay dahil Siya ay mabuti at iyon ay para simulan mong matakot sa Dios.

Ang karagdagang mga himala upang ipakita ang layunin ng Diyos na ibahagi ang Kanyang takot sa buhay ng Kanyang mga tao ay nang gumawa Siya ng himala at ginawa Niyang mahimalang makatawid ang Kanyang bayan sa ilog ng Jordan sa tuyong lupa, ***"19 At ang bayan ay umahon mula sa Jordan nang ikasangpung araw ng unang buwan, at humantong sa Gilgal, sa hangganang silanganan ng Jerico. 20 At yaong labing dalawang bato, na kanilang kinuha sa Jordan, ay ibinunton ni Josue sa Gilgal. 21 At siya'y nagsalita sa mga anak ni Israel, na sinasabi, Pagka itatanong ng inyong mga anak sa kanilang mga magulang sa panahong darating, na sasabihin, Anong kahulugan ng mga batong ito? 22 Ay inyo ngang ipatatalastas sa mga anak ninyo, na sasabihin, Ang Israel ay tumawid sa Jordang ito sa tuyong lupa. 23 Sapagka't tinuyo ng Panginoon ninyong Dios ang tubig ng Jordan sa harap ninyo, hanggang sa kayo'y nakatawid, gaya ng ginawa ng Panginoon ninyong Dios sa Dagat na Mapula, na kaniyang tinuyo sa harap namin, hanggang sa kami ay nakatawid; 24 Upang makilala ng lahat na mga bayan sa lupa ang kamay ng Panginoon, na makapangyarihan; upang sila'y matakot sa Panginoon ninyong Dios magpakailan man." (Josue 4:19-24)*** Ang labindalawang bato na ibinunton ni Josue sa Gilgal ay isang aral para sa susunod na saling lahi at sa buong sanglibutan upang malaman ang dakilang himala na ginawa ng Dios sa mga Israelita ; sa ganitong paraan malalaman ng mga tao na ang kamay ng PANGINOON ay makapangyarihan at iyon ay nagdulot sa kanila na matakot sa Panginoon magpakailanman. Si Juan Bautista nang siya ay nagbabautismo sa ilog ng Jordan ay sinalita ng sumusunod sa mga tao tungkol sa mga bato, ***"9 At huwag kayong mangagisip na mangagsabi sa inyong sarili, Si Abraham ang aming ama; sapagka't sinasabi ko sa inyo, na mangyayaring makapagpalitaw ang Dios ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito." (Mateo 3:9)*** Kaya tinutukoy niya ang mga bato na ibinuton ni Josue at iyon ay paalala sa kanila sa himala na ginawa ng Dios sa kanilang mga ninuno upang makarating sila sa lupang pangako at kaya ang paghamon sa kanila ay matakot sa Dios. Sa parehong paraan ngayon, Pinaalala ko sa iyo na alalahanin lahat ang mabubuting bagay na ginawa ng Dios sa iyo at pinapayuhan kitang matakot sa Kanya, na sumunod sa Kanya at lumakad sa Kanyang mga daan.

Sa mga natatakot sa Dios sila'y may mga pagpapala at pamana mula sa Panginoon. ***''5 Sapagka't dininig mo, Oh Dios, ang aking mga panata: ibinigay mo ang mana sa nangatatakot sa iyong pangalan.'' (Awit 61 :5 KJV)*** Sa parehong paraan habang ikaw ay natatakot sa Dios sa gayon ang pamana na mayroon tayo sa Langit, ang walang hanggang buhay, ay titiyakin sa iyo at sa lahat ng mga natatakot sa Kanya, ***"2 Nguni't sa inyo na nangatatakot sa aking pangalan ay sisikat ang araw ng katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak; at kayo'y magsisilabas, at magsisiluksong parang guya mula sa silungan. 3 At inyong yayapakan ang masasama; sapagka't sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa kaarawan na aking gawin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." (Malakias 4:2-3)*** Habang ikaw ay natatakot sa Dios sa gayon ang kagalingan ng Dios at ang Kanyang mga pagpapala ay darating sa iyo at magagawa mong harapin ang iyong mga kaaway.

Gayundin mababasa pa natin ang tungkol sa mga pagpapala ng Dios sa mga natatakot sa Kanya: ***"16 Nang magkagayo'y silang nangatatakot sa Panginoon ay nagsangusapan: at pinakinggan ng Panginoon, at dininig, at isang aklat ng alaala ay nasulat sa harap niya, para sa kanila na nangatakot sa Panginoon, at gumunita ng kaniyang pangalan. 17 At sila'y magiging akin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, sa araw na aking gawin, sa makatuwid baga'y isang tanging kayamanan; at akin silang kaaawaan, na gaya ng isang tao na naaawa sa kaniyang anak na naglilingkod sa kaniya. 18 Kung magkagayo'y manunumbalik kayo at makikilala ninyo ang matuwid at ang masama, yaong naglilingkod sa Dios at yaong hindi naglilingkod sa kaniya." (Malakias 3:16-18)*** Ang Dios ay makikinig at pagninilayan ang kung anong sinasabi ng mga natatakot sa Kanya sa kanilang sarili; kaya dito nakatitiyak tayo na kapag tayo'y natatakot sa Diyos at itinutuon ang ating mga saloobin sa Kanya na itinuturing Niya tayong Kanya, na Kanyang mahalagang bayan, at hindi Niya tayo bibigyan ng mga problema, at gagawin itong malinaw sa lahat ng panahon ng mga pagpapala at tadhana, ang pagkakaiba sa pagitan natin at ng mga masasama, at sa pagitan natin at ng mga taong hindi naglilingkod sa Diyos.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Dalangin ko habang iyong pinagninilayan ang mensahe, ang Salita ng Dios ay magtatatag sa iyo ng pagkatakot sa Dios na makakatulong sa iyo upang sumunod sa Kanya, sa paggawa ng Kanyang kalooban at maglingkod sa Kanya gaya ng pagsasaalang-alang sa mga sumusunod :

Si Cristo ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan at sa gayon tinanggap natin ang walang hanggang buhay at naging bahagi ng Kaharian ng Dios. Kaya't tayo'y magpasalamat sa Dios, maglingkod sa Kanya at matakot sa Kanya.

Sa pagtanggap sa Salita ng Dios, pagiingat sa mga ito at pagsasagawa ng mga ito sa iyong buhay ay magbabahagi ng karunungan at mauunawaan mo at maisasalapat sa iyong sarili upang mamuhay sa pagkatakot sa Panginoon.

Ang mga kasamaan at masakit na mga pagsubok na ipinahintulot ng Dios sa iyong buhay ay anyo ng disiplina at isang paalala para sa iyo na kailangan mong ilagay sa iyong isip na ang kailangang matakot sa Dios.

Ang kahatulan ng Dios sa iyo ay isang aral para sa iyo at sa ibang nakapalibot sa iyo, na kailangang matakot sa Dios.

Ang dakilang paghatol ng Dios sa Kanyang bayan na nagkasala sa Kanya ay upang pigilan sila at ibahagi ang pagkatakot ng Dios sa mga naliligaw ng daan. Sapagkat halos palagi, ang disiplina at paghatol ng Diyos ay nagdudulot ng takot sa Diyos sa buhay ng Kanyang bayan.

Sa paglayo mula sa Dios, na nagdala ng kahatulan sa kanila, at ang kahatulan ay ang nagdulot ng pagdurusa, at ang pagdurusa ng pagpapakumbaba at ang pagpapakumbaba sa pagsisisi, na nagpanumbalik sa iyo sa Dios at nagawa mong bumalik sa Kanya. Ang lahat ng ito ay magaganap dahil ang pagsubok at disiplina ng Dios ay may kaakibat na takot sa Panginoon.

Ang pagkatakot sa Panginoon ay ang dahilan upang magtulak sa iyo na disiplinahin ang iba at pilipitin sila sa ganoong paraan sa gayo'y sila'y matakot sa Dio sa at bumalik sa Kanya. Kahit na ikaw ay hindi masaya o komportable na Kahit hindi ka masaya o komportable na gawin ang mga hakbang upang disiplinahin ang iba ngunit ang pagtakot sa Diyos ang siyang maghahatid at magtutulak sa iyo na maging handa upang sumunod sa Diyos at gawin ito kahit na masakit iyon sa iyong puso.

Ilagay sa iyong isipan na ang mga natatakot sa Dios ay tutugon sa disiplina at parusa ng Dios na magdadala sa kanila sa pagsisisi, at sila'y magiging matapang upang sawayin ang mga hindi natatakot sa Dios.

Ilagay sa iyong isip na kapag ang Dios ay gumawa ng himala sa iyong buhay ang layunin Niya para sa ganoong at yaong matakot ka sa Kanya at simulang lumakad sa Kanyang mga daan, at huwag magmalaki. Huwag isipin na ang Dios ay gumawa ng ganoong himala sa iyong buhay dahil ikaw ay mabuti o ikaw ay natatangi. Hindi, ito lamang ay dahil Siya ay mabuti at iyon ay para iyo ay simulang matakot sa Dios. Kaya't paalala ko sa iyo ngayon na alalahanin ang lahat ng mabubuting bagay na ginawa ng Dios sa iyo at pinapayuhan kitang matakot sa Kanya, na sumunod sa Kanya at lumakad sa Kanyang mga daan.

Ilagay sa iyong isipan na kapag ikaw ay natatakot sa Dios sa gayon ang kagalingan ng Dios ay darating sa iyo at magagwa mong harapin ang iyong mga kaaway.

Ilagay sa iyong isipan at matiyak na kapag natatakot ka sa Diyos at nakatuon ang iyong mga saloobin sa Kanya, kung gayon ay isinasaalang alang ka Niya sa Kanya, ang Kanyang mahal na bayan, at na ililigtas ka Niya sa mga kapahakan, at lilinawin ng Diyos sa lahat sa panahon ng mga pagpapala at tadhana, ang pagkakaiba sa pagitan mo at ng mga masasama, at sa pagitan mo at ng mga taong hindi naglilingkod sa Diyos.

Tayo ay manalangin :

***Ang aking Panalangin :*** *Amang Dios Ako ay lumalapit s aiyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa iyong Salita na binuksan ang aking mga mata upang maunawaan ang bagong mga bagay at kung paanong ang pagkatakot sa iyo ay makita sa buhay ng mga tao.*

*Ipahayag at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong walang kagustuhang maglingkod sa Dios, ang kasalanan ng pagkatakot sa tao ngunit walang takot sa Dios; ang kasalanan ng pakikikompromiso. Talikuran ang pagmamalaki, pagmamataas, ang iyong kakulangan ng pangako, ang iyong hindi pagbabasa ng Salita ng Dios at ang iyong pagsuway sa utos ng Dios. Panginoon ipinahayag ko at tinalikuran ang sumusunod na mga kasalanan ______________________________________________.*

*Panginoon itatag mo sa akin ang pagkatakot sa iyo na makagawa sa akin na maging masunurin at mabuga sa aking buhay at maglingkod sa iyo. Panginoon ipaalala mo sa akin ang Kasulatang ito at tulungan akong isagawa ang mga ito. Kailangan ko ang iyong pagibig, pag alalay at biyaya sa paggawa nito. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid at kapatid na Babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay na mamuhay sa pagkatakot sa iyo. Panginoon kami'y nanalangin na protektahan kami at iligtas kami mula sa masama at ibigay ang kanilang pangangailangan upang sila'y patuloy na maglingkod sa iyo. Diablo sinasaway kita sa pangalan ni Jesus; lumayo ka sa kanilang buhay. Panginoon dalangin ko sa mga hindi*

*handang magsisi at sumunod sa iyong kalooban na harapin mo sila ayon sa iyong mga daan upang itanim ang pagkatakot sa iyo sa kanilang buhay.*

*Panginoon magbigay kapangyarihan ka sa amin bilang isang simbahan na magpatuloy na may pagkatakot sa iyo at ipatupad ang iyong Salita at disiplinahin ang mga hindi natatakot sa iyo, na kalaunan ay turuan silang harapin ka upang harapin sila at ang kanilang mga paglabag. Lord protektahan mo kami habang patuloy kaming nagsisikap na maglingkod sa iyo. Panginoon bigyan kami ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang magpatuloy at maglingkod sa iyo. Kami ay sumasalungat sa lahat ng gawain ng diablo at pagkatakot sa mga tao sa pangalan ni Jesus. Panginoon kami'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na pagpalain kami na patuloy kaming magturo at mangaral ng inyong Salita at ipatupad ang inyong kalooban sa aming buhay at sa buhay ng aming pamilya at ng mga taong aming inaabot. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na mga kaloob na kailangan naming pumaroon at maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain. Panginoon manguna ka sa amin at pangunahan kaming magevangelio at gumawa ng bagong mga alagad, at sanayin ang bagong mga manggagawa at magtanin ng bagong pag-aaral ng Biliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay mapasaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 7. Ang higit pang Pagkatakot sa Dios. Deutronomio 10 :12. Hebreo 12 :28. 1 Pedro 2 :17. :1-11. Kawikaan 2 :1-5. Jonas 1 :9-10, 16. 2 Cronica 21 :28-30. Mga Gawa 5 :1-11. Hosea 3 :5. Genesis 42 :18. Roma 3 :18. Lucas 23 :40. Lucas 5 :26. Josue 4 :19-24. Mateo 3 :9. Malakias 4 :2-3. Malakias 3 :16-18.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com